Mensahe Labindalawa

## Nararanasan at Natatamasa ang mga Nilalaman ng Bagong Kasunduan ayon sa Ating Espirtuwal na Karanasan para sa Pagsasakatuparan ng Ekonomiya ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Jer. 31:31-34; Heb. 8:8-12; Roma 8:2, 28-29; 12:1-2

**I. Batay sa katotohanan na nagpropesiya si Jeremias hinggil sa bagong kasunduan, ang aklat ng Jeremias ay maituturing na isang Lumang Tipang aklat na isa ring Bagong Tipang aklat; kailangan nating makita at iangkop ang mga nilalaman ng bagong kasunduan bilang mga pamana ng Diyos sa atin—Jer. 31:31-34; Heb. 8:8-12:**

A. Sa bagong kasunduan apat na pagpapala ang ipinangako:

1. Pampalubag para sa ating mga kalikuan at ang paglimot (kapatawaran) ng ating mga kasalanan—b. 12.
2. Ang pamamahagi ng kautusan ng buhay sa pamamagitan ng pamamahagi ng dibinong buhay sa loob natin—b. 10a.
3. Ang pribiliheyo ng pagtataglay sa Diyos bilang ating Diyos at sa pagiging Kanyang bayan—b. 10b.
4. Ang pangsyon ng buhay na nagsasanhi sa atin upang makilala Siya sa panloob na paraan ng buhay—b. 11.

B. Yamang ang kapatawaran ng mga kasalanan ay isang hakbang lamang upang makamtan ang layunin ng Diyos, inilalagay ng Kasulatang ito ang kapatawaran ng mga kasalanan sa pinakahuli; gayunpaman, ayon sa ating espiritwal na karanasan, nakakamit muna natin ang paglilinis na nagmumula sa pagpapatawad; pagkatapos ay tinatamasa natin ang Diyos bilang kautusan ng buhay, nagiging ang bayan ng Diyos sa kautusan ng buhay, at nagtataglay ng isang mas malalim na pagkakilala sa Diyos sa isang panloob na paraan—cf. b. 12.

**II. "Ako ay magiging mapagpalubag sa kanilang mga kalikuan, at ang kanilang mga kasalanan ay hindi ko na aalalahanin pa"—b. 12; Jer. 31:34b:**

A. Si Kristo ay gumawa ng pampalubag para sa ating mga kasalanan upang payapain ang katuwiran ng Diyos, upang ipagkasundo tayo sa pamamagitan ng pagtupad sa mga kahilingan ng katuwiran ng Diyos—Heb. 2:17.

B. Ang mahalaga at mabisang dugo ni Kristo ang lumutas sa lahat ng suliranin natin upang tayo ay manatili sa pakikipagsalamuha sa Diyos upang patuloy na matamasa ang Kanyang organikong pagliligtas—1 Juan 1:7-9; 2:1-2:

1. Sa harap ng Diyos, ang nagtutubos na dugo ng Panginoon ang naglinis sa atin minsan magpasawalang-hanggan (Heb. 9:12, 14), at ang bisa nang gayong paglilinis ay hindi kailangang ulitin.
2. Gayunpaman, sa ating budhi ay kailangan natin ang kagyat na aplikasyon ng palagiang paglilinis ng mahalagang dugo ng Panginoon nang muli't muli sa tuwing ang ating budhi ay naliliwanagan ng dibinong liwanag sa ating pakikipagsalamuha sa Diyos.
3. Sa sandaling pinatawad tayo ng Diyos, binubura Niya ang ating mga kasalanan sa Kanyang memorya at hindi na inaalala pa ang mga ito; ang kapatawaran ng mga kasalanan ay nangangahulugang ang pag-aalis ng mga paratang ng kasalanan laban

sa atin sa harap ng Diyos upang tayo ay mapalaya mula sa parusa ng katuwiran ng Diyos—Juan 5:24:

a. Kapag pinapatawad tayo ng Diyos sa ating mga kasalanan, Kanyang sinasanhi ang mga kasalanang nagawa natin na umalis sa atin—Awit 103:12; Lev. 16:7-10, 15-22.

b. Ang pagpapatawad ng Diyos sa ating mga kasalanan ay nagreresulta sa ating pagkatakot sa Kanya at pagmamahal sa Kanya sa ating napanauling pakikipagsalamuha sa Kanya—Awit 130:4; Luc. 7:47.

C. Ang mahalagang dugo ni Kristo ang nagbigay-kasiyahan sa Diyos, ito ang pagpasok ng mga mananampalataya tungo sa Diyos, at dinadaig nito ang lahat ng akusasyon ng kaaway (Exo. 12:13; Efe. 2:13; 1 Ped. 1:18-19; Heb. 10:19-20, 22; 9:14; 1 Juan 1:7, 9; Apoc. 12:10-11); ang mahalagang dugo ng Panginoon ay ang dugo rin ng walang hanggang tipan (Mat. 26:28; Heb. 13:20), na isinasagisag ng dugo na sa pamamagitan nito ay nakapasok ang mataas na saserdote tungo sa Dakong Kabanal-banalan sa Levitico 16:

1. Ang dugo ng kasunduan ang nagbigay-kakayahan sa atin na makapasok tungo sa praktikal na Dakong Kabanal-banalan (Heb. 10:19-20), ang ating espiritu (Efe. 2:22; 2 Tim. 4:22), upang matamasa ang Diyos at malalinan Niya.
2. Ayon sa pahayag sa Bagong Tipan, tayo ay hindi lamang dinala tungo sa presensiya ng Diyos sa pamamagitan ng dugo ng kasunduan—tayo ay dinala rin tungo sa loob ng Diyos Mismo; ang nagtutubos at naglilinis na dugo ang nagdadala sa atin tungo sa loob ng Diyos!
3. Ang dugo ng kasunduan ay pangunahin upang ang Diyos ay maging ang bahagi natin para sa ating katamasahan—cf. Awit 27:4; 73:16-17, 25; 1 Cor. 2:9; Heb. 10:19-20.
4. Sa kalaunan, ang dugo ni Kristo bilang dugo ng bagong kasunduan (Mat. 26:28; Luc. 22:20) ay nagdadala sa bayan ng Diyos tungo sa mga mas mabuting bagay ng bagong kasunduan, kung saan binibigyan ng Diyos ang Kanyang bayan ng isang bagong puso, ng isang bagong espiritu, ng Kanyang Espiritu, ng panloob na kautusan ng buhay (tumutukoy sa Diyos Mismo kasama ang Kanyang kalikasan, buhay, mga katangian, at mga kagalingan), at ang abilidad ng buhay na makilala ang Diyos (Jer. 31:33-34; Ezek. 36:26-27; Heb. 8:10-12).
5. Sa kasukdulan, ang dugo ng bagong tipan, ang walang hanggang tipan (13:20), ang nagbibigay-kakayahan sa bayan ng Diyos na makapaglingkod sa Kanya (9:14) at pinangungunahan ang bayan ng Diyos tungo sa lubos na pagtatamasa sa Diyos bilang ang kanilang bahagi (ang puno ng buhay at ang tubig ng buhay) kapwa ngayon at magpasawalang-hanggan (Apoc. 7:14, 17; 22:1-2, 14, 17).

**III. "Ipamamahagi Ko ang Aking mga kautusan sa kanilang kaisipan, at sa kanilang mga puso ay Aking isusulat ang mga ito"—Heb. 8:10; Jer. 31:33a:**

A. Ang sentro, ang sentralidad, ng bagong kasunduan ay ang panloob na kautusan ng buhay; ang kautusan ng dibinong buhay, ang kautusan ng Espiritu ng buhay (Roma 8:2), ay ang awtomatikong prinsipyo at ang kusang kapangyarihan ng dibinong buhay.

B. Ang Tres-unong Diyos ay naproseso sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, pagkapako sa krus, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit upang maging ang kautusan ng Espiritu ng buhay na inilagay sa ating espiritu bilang isang "siyentipikong" kautusan, isang awtomatikong prinsipyo—bb. 2-3, 11, 34, 16.

C. Ang ugnayan ng Diyos sa atin ngayon ay lubusang nakabatay sa kautusan ng buhay; bawat buhay ay may kautusan at isang kautusan; ang buhay ng Diyos ay ang pinakamataas na buhay, at ang kautusan ng buhay na ito ang pinakamataas na kautusan—cf. Kaw. 30:19a; Isa. 40:30-31.

D. Ang Roma 8, na ang paksa ay ang kautusan ng Espiritu ng buhay (b. 2), ay maituturing bilang ang pokus ng buong Biblia at ang sentro ng sansinukob; kaya, kung nararanasan natin ang Roma 8, tayo ay nasa sentro ng sansinukob:

1. Ang Diyos ay nasa loob na natin ngayon bilang isang kautusan na awtomatikong gumagawa, kusang-kusa, at hindi namamalayan upang palayain tayo mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan; ito ay isa sa mga pinakamalaking pagtuklas, maging mga pagbabawi, sa ekonomiya ng Diyos—7:18-23; 8:2.
2. Natatamasa natin ang pamamahagi ng buhay tungo sa ating katauhan para sa pagsasakatuparan ng ekonomiya ng Diyos sa pamamagitan ng paggawa ng kautusan ng Espiritu ng buhay—Jer. 31:33; Heb. 8:10; Roma 8:2-3, 10, 6, 11.
3. Ang pagtatamasa ng kautusan ng Espiritu ng buhay sa Roma 8 ay naghahatid sa atin tungo sa realidad ng Katawan ni Kristo sa Roma 12; ang kautusang ito ay gumagawa sa loob natin habang tayo ay namumuhay sa Katawan at para sa Katawan–8:2, 28-29; 12:1-2, 11; Fil. 1:19.

E. Sa pamamagitan ng pamamahagi ng Kanyang dibinong buhay tungo sa atin, inilalagay ng Diyos ang pinakamataas na kautusan (pang-isahan—Jer. 31:33) ng pinakamataas na buhay nito tungo sa ating espiritu, mula saan ito ay lumalaganap tungo sa ating mga panloob na bahagi, gaya ng ating kaisipan, damdamin, at pagpapasya, at nagiging maraming kautusan (pang-maramihan—Heb. 8:10):

1. Ang paglaganap ng kautusang ito sa loob natin ay ang pamamahagi (Roma 8:10, 6), at ang pamamahagi ay ang pag-uukit (2 Cor. 3:3); habang ang Panginoon ay lumalaganap, namamahagi, at nag-uukit, binabawasan Niya ang lumang elemento ni Adam mula sa atin at idinaragdag tungo sa atin ang bagong elemento ni Kristo, metabolikong isinasakatuparan ang transpormasyon ng buhay para sa atin—b. 18.
2. Sa pamamagitan ng paggawa, ang paglaganap, ng kautusan ng buhay sa loob natin, ginagawa tayo ng Diyos na katulad Niya sa buhay, kalikasan, at kahayagan; tayo ay naiwawangis tungo sa larawan ng panganay na Anak ng Diyos sa pamamagitan ng paggawa ng kautusan ng buhay—Roma 8:2, 29.

F. Habang tayo ay nananatiling naka-ugpong sa Panginoon, nanatiling nakikipag-ugnay sa Kanya, ang kautusan ng buhay, ang kautusan ng Espiritu ng buhay, ay gumagawang awtomatiko, kusang-kusa, at walang kahirap-hirap—Fil. 2:12-13; Roma 8:2, 4, 6, 13-16, 23; 1 Tes. 5:16-18:

1. Dapat tayong tumigil sa ating sariling pagsusumikap at pagpupunyagi—Gal. 2:20a; cf. Roma 7:15-20

a. Kung hindi natin nakita na ang kasalanan ay isang kautusan at na ang ating pagpapasya ay hindi kailanman mapagtatagumpayan ang kautusang ito, tayo ay nabitag sa Roma 7; hindi tayo kailanman makararating sa Roma 8.
b. Si Pablo ay paulit-ulit na nagpasya, ngunit ang resulta ay paulit-ulit na kabiguan lamang; ang pinakamahusay na magagawa ng tao ay ang gumawa ng mga pagpapasya—7:18.
c. Kapag ang kasalanan ay natutulog sa loob natin, ito ay kasalanan lamang, ngunit kapag ito ay napukaw sa loob natin sa pamamagitan ng pagloloob nating gumawa ng mabuti, ito ay nagiging “ang masama”—b. 21.
d. Sa halip na pagloloob, dapat nating ilagak ang ating kaisipan sa espiritu at lumakad ayon sa espiritu—8:6, 4; Fil. 2:13.

2. Dapat tayong makipagtulungan sa nananahanan, nailagay, awtomatiko, at panloob na gumagawang Diyos bilang ang kautusan ng Espiritu ng buhay sa pamamagitan ng panalangin at sa pamamagitan ng pagkakaroon ng espiritu ng pagdepende, tumatawag sa Panginoon at pagbabasa-dalangin sa Kanyang Salita upang mapanatili ang ating pakikipagsalamuha sa Kanya—Roma 10:12-13; 1 Tes. 5:17; Efe. 6:17-18:
a. Ang sikreto ng pagdaranas kay Kristo bilang ang kautusan ng buhay ay ang mapasaloob Niya, ang Isa na nagbibigay-kapangyarihan sa atin na gawin ang lahat ng bagay, at ang sikreto ng pagiging nasa loob Niya ay ang mapasaloob sa ating espiritu—Fil. 4:13, 23.
b. Upang mamuhay tayo sa ating espiritu, dapat tayong gumugol ng oras upang masdan ang Panginoon, manalangin upang makipagsalamuha kay Hesus upang magbabad sa Kanyang mukha, upang matigmakan ng Kanyang kagandahan, at upang isinag ang Kanyang kahusayan—2 Cor. 3:16, 18; cf. Mat. 14:23.

G. Ang pangsyon ng kautusan ng buhay ay humihiling ng paglago sa buhay, sapagkat ang kautusan ng buhay ay nagpapangsyon lamang habang ito ay lumalago—Marc. 4:3, 14, 26-29:
1. Ang pamamagitan ni Kristo sa trono ay nag-uudyok sa binhi ng buhay na Kanyang inihasik tungo sa atin sa panahon ng pagkabuhay na muli—Heb. 7:25; Roma 8:34.
2. Ang panganay na Anak ay namamagitan para sa atin upang ang buhay na naihasik tungo sa ating espiritu ay maudyukan na lumago, umunlad, at tigmakan ang lahat ng ating panloob na bahagi, hanggang sa tayo ay lubusang malaganapan ng Kanyang naluwalhati at napataas na katauhan.
3. Habang ang dibinong buhay ay lumalago sa loob natin, ang kautusan ng buhay ay nagpapangsyon upang hubugin tayo, upang iwangis tayo, sa larawan ni Kristo bilang ang panganay na Anak ng Diyos upang tayo ay maging ang Kanyang sama-samang kahayagan; hindi tayo nireregulahan ng kautusan ng buhay mula sa ating paggawa ng kamalian; nireregulahan nito ang hubog ng buhay—bb. 2, 29:
a. Ang nananahanang tularan, ang panganay na Anak ng Diyos, ay awtomatikong gumagawa sa loob natin bilang ang kautusan ng buhay upang iwangis tayo sa Kanyang larawan, upang tayo ay “gawing anak”; ang

Panginoon ay desperadong gumagawa upang gawin ang bawat isa sa atin na katulad ng panganay na Anak.

b. Ang paraan ng Diyos upang malawakang paramihin ang tularang ito ay ang isagawa ang Kanyang buháy na tularan, ang panganay na Anak, tungo sa ating buong katauhan; kung tayo ay makikipagkoopera at magbubukas sa kamangha-manghang tularang ito, Siya ay lalaganap palabas mula sa ating espiritu tungo sa ating kaluluwa.

c. Ang panganay na Anak ay ang tularan, ang pamantayang modelo, para sa malawakang pagpaparami ng maraming anak ng Diyos, ang Kanyang maraming kapatid upang buuin ang Kanyang Katawan bilang bagong tao para sa sama-samang pagpaparami at kahayagan ng pamantayang modelo, ang panganay na Anak ng Diyos—b. 29.

4. Ang kautusan ng buhay ay hindi pangunahing nagpapangsyon sa negatibong pakahulugan sa pagsasabi sa atin kung ano ang hindi dapat gawin; sa halip, habang lumalago ang buhay, ang kautusan ng buhay ay nagpapangsyon sa positibong pakahulugan ng paghuhubog sa atin, yaon ay, sa pagwawangis sa atin tungo sa larawan ni Kristo; sa pamamagitan ng pagpapangsyon ng kautusan ng buhay, tayong lahat ay magiging mga gumulang na anak ng Diyos, at ang Diyos ay matataglay ang Kanyang pansansinukob, sama-samang kahayagan.

**IV. "Ako ay magiging Diyos nila, at sila ay magiging bayan Ko"—Heb. 8:10; Jer. 31:33b:**

A. Ang maging Diyos natin ang Diyos ay nangangahulugang Siya ang ating mana—Efe. 1:14:

1. Nilikha ng Diyos ang tao bilang isang sisidlan upang ilaman Siya (Gen. 1:26-27; Roma 9:23-24); samakatwid, ang Diyos ay pag-aari ng tao, gaya ng ang nilalaman ng sisidlan ay pag-aari nito.
2. Ang Diyos ay hindi lamang ating mana bagkus bahagi rin ng ating saro (Awit 16:5) para sa ating katamasahan; ang maligtas ay ang bumalik sa Diyos at tamasahin Siyang muli bilang ating pag-aari, gaya ng isinasagisag ng pagbabalik ng isang tao sa kanyang pag-aari sa jubileo (Lev. 25:10; Luc. 4:18-19; 15:17-24; Gawa 26:18; Col. 1:12).
3. Ibinibigay ng Diyos sa atin ang Espiritu hindi lamang bilang isang garantiya ng ating mana bagkus bilang isa ring patikim sa kung ano ang ating mamanahin sa Diyos (2 Cor. 1:22); ang pagprenda ng Espiritu ay nagdaragdag nang higit pang Diyos tungo sa atin unti-unti hanggang sa tayo ay makapasok sa kawalang-hanggan at taglayin ang Diyos bilang ating ganap na katamasahan.

B. Ang maging bayan tayo ng Diyos ay nangangahulugang tayo ang Kanyang mana—Efe. 1:11, 14, 18; 3:21:

1. Hindi lamang natin mamanahin ang Diyos bilang ating mana (1:14) para sa ating katamasahan bagkus magiging mana rin tayo ng Diyos (b. 11) para sa Kanyang katamasahan.
2. Sa pamamagitan ng pagiging naisagawa ng Diyos tungo sa atin na tayo ay nabubuo tungo sa pagiging mana ng Diyos; ito ang transpormasyon, at ito rin ang subhektibong pagpapabanal.

3. Inilalagay ng Diyos ang Kanyang Espiritu Santo tungo sa atin bilang isang tatak (b. 13) upang tatakan tayo, nagpapahiwatig na tayo ay kabilang sa Kanya; ang tatak na ito ay buháy, at ito ay gumagawa sa loob natin upang tigmakan at transpormahin tayo ng dibinong elemento ng Diyos hanggang sa katubusan ng ating katawan.
4. Sa sukdulan, ang myutwal na mana ng Diyos at tao ay magiging ang mana ng Diyos sa mga banal magpasawalang-hanggan (b. 18); ito ay magiging Kanyang walang hanggang kahayagan nang sukdulan sa pansansinukob at magpasawalang-hanggan (Apoc. 21:11).

**V. "At sa anumang paraan hindi na tuturuan ng bawat isa ang kanyang kababayan at ng bawat isa ang kanyang kapatid, na sasabihing, Kilalanin mo ang Panginoon, sapagkat Ako ay makikilala ng lahat mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakadakila sa kanila"—Heb. 8:11; Jer. 31:34a:**

A. Ang pangsyon ng buhay ang nagbibigay-kakayahan sa atin upang makilala ang Diyos sa panloob na paraan ng buhay; maaari nating makilala ang Diyos nang subhektibo mula sa loob sa pamamagitan ng pandama ng buhay, ang damdamin, ang kamalayan, ng dibinong buhay sa loob natin—Roma 8:6; Efe. 4:18-19; Fil. 3:10a:

1. Ang pandama ng buhay ay nagmumula sa dibinong buhay (Efe. 4:18), ang kautusan ng buhay (Roma 8:2; Heb. 8:10), at ang pagpapahid ng Espiritu (1 Juan 2:27).
2. Ang pandama ng buhay sa negatibong panig ay ang damdamin ng kamatayan, at sa positibong panig ito ay ang damdamin ng buhay at kapayapaan—Roma 8:6; Isa. 26:3.
3. Dapat tayong mamuhay ayon sa pandama ng buhay sa prinsipyo ng buhay, hindi ayon sa prinsipyo ng tama at mali, ang prinsipyo ng kamatayan.
4. Ganito ang mamuhay ayon sa prinsipyo ng puno ng buhay, hindi ayon sa prinsipyo ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama—Gen. 2:9.
5. Ang pandama ng buhay ang nagsasanhi sa atin na malaman natin kung tayo ay namumuhay sa natural na buhay o sa dibinong buhay at kung tayo ay namumuhay sa laman o sa espiritu.

B. "Upang makapaglingkod sa Diyos at makagawa para sa Kanya, dapat matutuhan ng isang Kristiyano na lumayo sa puno ng kaalaman ng mabuti at masama…Tanging yaong mga humihipo sa puno ng buhay ang makakakita sa kanilang buhay at gawa na mananatili sa Bagong Herusalem" (*Messages Given during the Resumption of Watchman Nee's Ministry*, vol. 1, pp. 94-95).

**VI. Sa katapusan, ang ating pagtatamasa sa nananahanang Espiritu bilang awtomatikong kautusan ng dibinong buhay, ang kautusan ng Espiritu ng buhay, ay nasa Katawan ni Kristo at para sa Katawan ni Kristo na may gol na gawin tayong Diyos sa buhay, kalikasan, at kahayagan ngunit hindi sa Pagka-Diyos upang isakatuparan ang gol ng Kanyang walang hanggang ekonomiya—ang Bagong Herusalem—Roma 8:2, 28-29; 12:1-2; 11:36; 16:27; Fil. 1:19; cf. Gal. 4:26-28, 31.**

*© 2020 Living Stream Ministry*